984 (one)

018741

8 July 2021

**HONORABLE ROY CIMATU**
Secretary
Department of Environment and Natural Resources

**MA. LOURDES G. FERRER, CESO III**
Regional Executive Director, Region IV-B
Department of Environment and Natural Resources

DEPT. OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES
RECORDS MANAGEMENT DIVISION
RECEIVED
JUL 15 2021
TIME: SIG:

Secretary Cimatu at Director Ferrer:

Pagbati!

Kami, mga residente ng Brooke's Point, Palawan, ay sumulat sa inyong opisina patungkol sa kasong kriminal, paglabag sa P.D. 705 o Forestry Code, na isinampa ng DENR laban sa Ipilan Nickel Corporation (INC) noong taong 2017.

Ang nasabing kaso ay patungkol sa ilegal na pagputol ng mga kahoy ng INC na labas sa kanilang *Special Tree Cutting and Earth Balling Permit (STCP)* at *Mineral Production Sharing Agreement* (MPSA) na isinampa ng DENR-CENRO Brooke's Point.

Kaming mga residente ay katuwang ng lokal na pamahalaan ng Brooke's Point sa pagmamatyag laban sa mga ilegal na gawain at pangangalaga ng kagubatan. Kami rin ay mahigpit na tumututol sa pagmimina sa aming bayan.

Kami ay sumulat sa inyo upang ipahayag ang aming interes sa pagsusubaybay sa kasong isinampa ng inyong ahensya. Kinikilala namin ang kahalagahan ng pagsampa ng DENR ng kaso ukol sa ilegal na aktibidad ng INC.

Sa aming pagsusubaybay, kinakailangan pang magsampa ng isa pang kaso laban sa INC sa kanilang pagputol ng mga punong-kahoy na napapaloob sa kanilang lugar na pagmiminahan (saklaw ng kanilang mineral agreement o MPSA). Bagamat may "*special tree cutting and earth balling permit*" ang INC, ginawa nila ang pagputol ng higit 25,000 na puno habang ang kanilang *Environmental Compliance Certificate* (ECC) ay *expired*. Dagdag pa dito, hindi nila sinunod ang alituntunin na mag-*earth ball* ng mga puno.

Mahalagang mapanagot ang INC sa bawat ilegal na aktibidad na kanilang isinagawa. Kaugnay dito, handa kaming tumulong sa abot ng aming makakaya upang mapabilis ang pagsampa ng kaso sa INC.

Maraming salamat!

Lubos na gumagalang,

**Victoriano Colili** **Jonathan Lagrada** **Weliton Palite**

**Rowena Combang** **Maica Saar** **Rudy Cataluna**

**Joel Luagna**